

# Mga Bakuna sa COVID-19

## Ano ang Kailangang Malaman ng mga Magulang

### ANG MGA BAKUNA AY PUMOPROTEKTA LABAN SA PINAKAMALUBHANG RESULTA NG COVID.

- Bagaman ang COVID-19 ay karaniwang mas banayad sa mga bata, kahit na mga malulusog na bata ay maaaring magkaroon ng malubhang sakit, mahospital, o mamatay mula sa COVID-19. Ang mga bata ay maaari ring magkaroon ng pangmatagalang mga problema sa kalusugang pangkaisipan at pisikal mula sa COVID-19 (tinatawag na mahabang COVID).
- Ang bakuna sa COVID-19 ay nakakapagpababa ng panganib na magkaroon ng napakalubhang sakit mula sa COVID-19. Nakakapagpababa rin ito sa panganib na makakuha ng mahabang COVID.
- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay binago para pumrotekta laban sa mas pinakabagong mga uri ng virus.



### ANG MGA BINAGONG 2023-2024 NA MGA BAKUNA NG COVID-19 AY INIREREKOMENDA PARA SA LAHAT NG MGA BATA NA EDAD 6 PATAAS



- **Ang mga batang 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang** ay dapat makakuha ng hindi bababa sa 1 dosis ng binagong 2023-2024 na bakuna sa COVID-19 na Pfizer o Moderna. Maaaring kailanganin nila ang karagdaganang mga dosis base sa kung ilang dosis na ang kanilang natanggap dati.
- **Ang mga batang 5+ na taong gulang** ay dapat kumuha ng 1 dosis ng binagong 2023-2024 na bakuna sa COVID-19 na Pfizer o Moderna.
- **Ang mga kabataaang 12+** ay maaaring tumanggap ng bakunang Pfizer, Moderna o Novavax. Ang mga dati ng nabukanahang mga kabataang 12+ na gustong makatanggap ng bakuna na Novavax ay dapat makatanggap ng 1 dosis ng binagong bakuna na Novavax. Ang hindi pa nababakunahang mga tinedyer na gustong makatanggap ng bakuna na Novavax ay dapat makatanggap ng 2 dosis ng binagong bakuna na Novavax.
- Ang mga bata na **nagkaroon na dati ng COVID** ay dapat pa ring mabakunahan.
- Ang mga batang may banayad o malubhang pagkakompromiso sa imyunidad (immunocompromised) ay maaaring mangailangan ng karagdagang mga dosis ng bakuna.
- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay maaaring maibigay **ng parehong oras** kasabay ng ibang nakagawiang mga bakuna, kabilang ang bakuna sa trangkaso. Para sa mas marami pang impormasyon, makipag-usap sa iyong doktor o bisitahin ang cdc.gov/coronavirus/vaccine.

### PAANO MAKAKAKUHA NG BAKUNA

- Bisitahin ang publichealth.lacounty.gov/vaccines/ para makakita ng lugar na malapit sa iyo. Siguraduhin na mayroon silang tamang bakuna para sa edad ng iyong anak at tanungin ang tungkol sa **magulang/tagapag-alagang pahintulot.** Karamihan sa mga parmasyutiko ay hindi pwedeng magbigay ng bakuna sa mga batang mas mababa sa 3 taong gulang.
- Tumawag sa Sentro ng Tawagan ng Bakuna ng DPH sa **1-833-540-0473** o **2-1-1** kung kailangan mo ng tulong makahanap ng bakuna, o humiling ng pagpapabakuna sa bahay.
- Ang mga bakuna ay sakop ng seguro (insurance). Kung ang iyong anak ay walang seguro o kulang ang seguro, ang iyong anak ay maaaring makatanggap nito ng libre sa pamamagitan ng Programa sa Pagpapabakuna Para sa mga Bata (Vaccine For Children Program).



County of Los Angeles Public Health

# Mga Bakuna sa COVID-19

## Ano ang Kailangang Malaman ng mga Magulang



### MGA EPEKTO NG BAKUNA

- Ang iyong anak ay maaring mayroong epekto katulad ng nakikita sa mga regular na nakagawiang mga bakunang pambata. Pangkaraniwan silang **banayad at mawawala** sa loob ng ilang araw. Ang ilang mga bata ay hindi nagkakaroon ng mga epekto.
- Ang mga pangkaraniwang epekto ay kinabibilangan ng kirot, pamamaga, o pamumula sa braso o hita kung saan binakunahan, pananakit ng kalamnan o kasukasuan, pamamaga ng kulani, lagnat, giniginaw, sakit ng ulo, pagkamayamutin o pagkamaiyakin, nakakaramdam ng pagkapagod, laging inaantok, at nawawalan ng gana.


Ang dosis ng bakuna sa COVID-19 ay batay sa edad ng inyong anak, hindi sa laki or sa bigat. Ang mga batang 12+ ay nakakakuha din ng parehong dosis ng bakuna ng sa mga matatanda.




### KALIGTASAN NG BAKUNA



- **Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas para sa mga bata.** Bago irekomenda ang mga bakuna sa COVID-19 para sa mga bata, ginawa ang mga klinikang pagsubok sa libo-libong mga bata para suriin ang kaligtasan ng mga bakuna at paano sila gumana. Simula noon, sampu-sampung milyon mga bata sa Amerika ay nabakunahan na.
- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay dumaan – at patuloy na dadaan – sa **pinakamatinding pagsubaybay sa kaligtasan** sa kasaysayan ng Amerika.
- Ang mga bihirang kaso ng myocarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso) at pericarditis (pamamaga ng panlabas na balat ng puso) ay naiulat na sa mga bata pagkatapos mabakunahan ng bakuna sa COVID-19, karamihan ay sa mga batang lalaki na 12 hanggang 39. Ang mga panganib na mangyari ito pagkatapos na mabakunahan ay napakabihira.
- Ang inyong anak **ay hindi makakakuha ng COVID-19** mula sa bakuna ng COVID-19.
- Walang ebidensya na ang mga bakuna sa COVID-19 ay makakaapekto sa pagdadalaga/pagbibinata o pertilidad.



Para sa mas marami pang detalye, bisitahin ang [cdc.gov/coronavirus/vaccine](cdc.gov/coronavirus/vaccine).

**VaccinateLACounty.com**

County of Los Angeles Public Health